CONSULATE GENERAL OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
CONSOLATO GENERALE DELLA REPUBBLICA DELLE FILIPPINE
MILAN

10 August 2016

Filipino Communities in Milan and Northern Italy

Hindi na Kailangan ang OEC para sa mga Balik-Mangagawang Pilipino

Ang mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa na uuwi at magbabakasyon sa Pilipinas ay hindi na kailangang kumuha ng Overseas Employment Certificate (OEC) kung babalik din sa kasalukuyan nilang employer o kumpanya at lugar ng trabaho, at may dati ng record sa POEA (Philippine Overseas Employment Administration).

Ayon kay Kalihim ng Paggawa, Silvestre Bello III, ito ay pagtugon sa utos ni Pangulong Rodrigo Duterte na mapaluwag at mapabilis ang mga proseso sa pag-uwi at paglabas ng bansa ng mga manggagawang Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa.

Ang mga balik-manggagawa (returning workers) ay kailangang mag-rehistro sa bmonline.ph at magbigay ng mga impormasyong personal at sa trabaho upang malaman kung siya ay exempted sa OEC.

Kalakip ay kopya ng press release tungkol sa bagay na ito.

Mangyari po lamang na ipagbigay alam natin ito sa mga kakilala nating mga Filipino workers dito sa Italia.

Ang Consolato at ang Philippine Overseas Labor Office (POLO) ng Milan ay naghahanda ng pasilidad upang tulungan ang ating mga mangagawang Pilipino sa pagrehistro sa BM Online.

Maraming salamat po !

CONSULATE GENERAL OF THE PHILIPPINES - MILAN -

MARICHU MAURO
Consul General

Via Stromboli 1, 20144 Milan, Italy
Tel. No. (+39) 02-4398-0383; Fax No. (+39) 02-4391-1229
www.philcongenmilan.net

HINDI NA KAILANGAN NG OEC PARA SA BALIK-MANGGAGAWANG PILIPINO

Philippine Consulate General, Milan | Philippine Overseas Labor Office

Ano ang BM Online?

Ang BM Online ay isang sistema ng POEA na nakabase sa Internet at maaring gamitin ng Pilipinong manggagawa sa pag proseso ng kanyang pag-alis muli ng Pilipinas pagkatapos magbakasyon at babalik sa dating employer o kumpanya at lugar ng trabaho. Inaasahang magiging maluwag at mas mabilis ang proseso.

Paano magrehistro sa BM Online?

1. Magpunta sa bmonline.ph
2. Para sa new users, kailangan ng email address at password. Mag-register bilang NEW USER at i-click ang "Sign Me Up". I-click ang confirmation link na ipinadala sa iyong email address.
3. Mag- log in sa ALREADY REGISTERED user. Ilagay ang huling OEC number o passport number. Kung "no record is found", mag-set ng online appointment, sa araw, oras at lugar ng POEA o POLO-OWWA na napili.
4. Kung may record na, i-update ang mga personal data, contract particulars at mag-upload ng photo. I-click ang NEXT STEP para sa OEC o OEC exemption.

Maaring tumulong ang POLO-OWWA sa pagrehistro sa unang pagkakataon.

PCG-POLO Milan, Italy - Ang mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa na uuwi at panandaliang magbabakasyon sa Pilipinas ay hindi na kailangang kumuha ng Overseas Employment Certificate o OEC.

Sinabi ng Kalihim ng Paggawa Silvestre Bello III na naglabas ang Governing Board ang POEA, na siyang ring Chairman, ng Resolusyon na nagsasabing hindi na kailangan ng OEC ng mga manggagawang Pilipinong magbabakasyon sa Pilipinas, kung babalik din sa kasalukuyan nilang employer o kumpanya at lugar ng trabaho at may dati nang rekord sa POEA database.

Ayon sa Kalihim, ang Resolusyon ay pagtugon sa utos ng Pangulong Rodrigo Roa Duterte na mapaluwag at mapabilis ang mga proseso sa pag-uwi at paglabas ng bansa ng mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa.

Nakasaad sa POEA Governing Resolution No. 12, series of 2016, ang isang Pilipinong babalik din sa kanyang employer o kumpanya at lugar ng trabaho ay dapat mag rehistro sa bmonline.ph at magbigay ng ilang datos na personal at sa trabaho upang malaman kung siya ay *exempted* sa OEC. Dapat gawin ang pagrehistro bago umuwi ng Pilipinas. Kung hindi *exempted*, pipili ng araw at oras ng appointment sa POEA o Philippine Overseas Labor Office (POLO) sa mga Embahada o Konsulado.

Ang mga datos sa pagrehistro ang magiging basehan ng Bureau of Immigration upang bigyan ng clearance na makalabas ng bansa ng hindi magbabayad ng processing fee. Ang hindi nag-rehistro sa BM Online System bago magsadya sa airport ay ilalapit ng Bureau of Immigration sa Labor Assistance Counter ng POEA kung kailangang magbigay pa ng dagdag dokumento at kung maaring bigyan ng clearance sa pag-alis.

Inatasan ni Kalihim Bello ang POEA na magsumite ng report sa pagpatupad ng Resolusyon isang buwan pagkatapos ng isang *pilot testing* simula sa unang linggo ng Setyembre.

Patuloy na exempt pa rin sa travel tax at terminal fee kung makapagpakita ng alin man sa work visa/permit, valid employment contract, o iba pang dokumentong maaring tanggapin na katumbas nito.

Ang Philippine Consulate General at POLO ng Milan ay maghahanda ng pasilidad upang tumulong sa mga magpaparehistro sa unang pagkakataon sa BM Online.